POWERLINES

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF FLECO, INC.



VOLUME 2026 ISSUE NO. 1, [JANUARY TO MARCH 2026]

FLECO power rates, nananatiling pinakamababa sa Laguna

Nananatiling may pinakamababang power rates sa lalawigan ng Laguna ang First Laguna Electric Cooperative, Inc. (FLECO) mula Enero hanggang Marso 2026, batay sa inilabas na power rates comparison.

BILLING MONTH (2026)	FLECO	PRIVATE ELECTRIC COMPANY	DIFFERENCE
JANUARY	**Php 10.3931**	Php 12.9508	-2.5577
FEBRUARY	**Php 10.9079**	Php 13.1734	-2.2661
MARCH	**Php 10.7310**	Php 13.8161	-3.0851

Makikitang mas mababa ng humigit-kumulang Php 2.26 hanggang Php 3.09 kada kilowatt-hour (kWh) ang singil ng FLECO sa unang quarter ng taon, kumpara sa singil ng isang pribadong electric company na nagsusuplay din ng kuryente sa ilang bahagi ng probinsya.

Ayon sa FLECO Management, patuloy nitong pinagsisikapang mapanatiling abot-kaya ang presyo ng kuryente para sa mga member-consumer-owners (MCOs) sa labing-isang bayang nasasakupan nito.

Bilang isang non-stock at non-profit electric cooperative, binigyang-diin din ng FLECO na hindi ito nagpapatong ng interes sa sinisingil na konsumo ng kuryente, kasabay ng patuloy na pagpapabuti ng kalidad ng serbisyo para sa mga mamamayan.

Tiniyak ni FLECO General Manager Engr. Richard B. Mondez na magpapatuloy ang pagpapatupad ng mga programa at solusyon ngayong 2026, upang higit pang mapahusay ang serbisyo at makapaghatid ng mas maayos at mas maliwanag na pamayanan para sa lahat ng MCOs.

PHILRECA



Bagong halal na FLECO Board of Directors, idineklara

Matagumpay na isinagawa ng FLECO ang 2026 Board of Directors (BOD) District Elections sa buong buwan ng Pebrero, kung saan pormal na idineklara ang mga bagong halal na kinatawan ng iba't ibang distrito sa nasasakupan ng kooperatiba.

Isinagawa ang halalan sa mga piling paaralan sa coverage area ng FLECO at dinaluhan ng mga kwalipikadong member-consumer-owners (MCOs) na siyang bumoto upang pumili ng kanilang magiging kinatawan sa Lupon ng Patnugutan.

Kabilang sa mga idineklarang nanalo sa kani-kanilang distrito sina Board Director Raul Burbos ng Pagsanjan noong Pebrero 7, Board Director Jamaila Barcia ng Lumban noong Pebrero 14, Board Director John Alexis Bernardo ng Kalayaan noong Pebrero 21, Board Director Jessie Zuniga ng Mabitac noong Pebrero 22, at Board Director Allan Gualberto ng Siniloan noong Pebrero 28.

Bilang mga halal na kinatawan ng kanilang mga bayan, magsisilbi silang tagapagtaguyod ng kapakanan ng MCOs at magiging bahagi ng BOD na bumubuo ng mga polisiya at mahahalagang desisyon para sa patuloy na pagpapaunlad ng kooperatiba.

Sa pamamagitan ng demokratikong proseso ng halalan, muling naipakita ng MCOs ang kanilang aktibong pakikilahok sa pamamahala ng kooperatiba.

Ang matagumpay na pagsasagawa ng 2026 BOD District Elections ay patunay ng patuloy na pagpapahalaga ng FLECO sa transparency, representasyon, at kooperatibong pamamahala para sa kapakinabangan ng mga mamamayang pinaglilingkuran nito.

Outreach Program para sa kababaihan, tampok sa Women's Month Activity ng FLECO

Bilang pagdiriwang ng National Women's Month, nagsagawa ang FLECO ng outreach program para sa mga samahan ng kababaihan sa Brgy. Banco, Cavinti noong Marso 19, 2026.

Pinangunahan ng mga babaeng empleyado ng FLECO, kasama ang mga miyembro ng Board of Directors, ang pamamahagi ng munting mga regalo bilang pagkilala sa mahalagang papel at kontribusyon ng kababaihan sa kanilang pamilya at komunidad.

Nakiisa rin sa programa sina General Manager Engr. Richard Mondez, Pangil Director Emelyn Icarangal, Famy Director Belinda Lugmao, at Cavinti Director Leonides Rocamora bilang suporta sa nasabing aktibidad.











Matapos ang programa, nagkaroon naman ng munting salo-salo ang FLECO girls sa Kamayan sa Palaisdaan, Tayabas, Quezon—isang pagkakataon upang magpahinga, magkuwentuhan, at ipagdiwang ang samahan at pagkakaisa ng bawat isa.

2026 ASTEC IV-A FRIENDLY GAMES

Nakiisa ang FLECO sa opening ceremony ng Sports Fest ng Batangas I Electric Cooperative, Inc. (BATELEC I) kasama ang iba pang miyembro ng Association of Southern Tagalog Electric Cooperatives (ASTEC-IVA) nitong Pebrero 20, 2026, sa BATELEC I Headquarters, Calaca City, Batangas.

Pinangunahan ni BATELEC I General Manager Engr. Alvin Velasco ang pag-organisa at pag-imbita sa ECs sa rehiyon para sa isang araw na pagsasama-sama ng mga piling empleyado sa layuning magkaroon ng munting kumustahan ang bawat isa sa pamamagitan ng friendly basketball at volleyball games.

Kabilang din sa mga nakisaya sa programa ay ang Batangas II Electric Cooperative, Inc. (BATELEC II) sa pamumuno ni General Manager Engr. Octavious Mendoza, at Quezon II Electric Cooperative, Inc. (QUEZELCO II) sa pangunguna ni General Manager Engr. Von Erwin Azagra.

Wagi ang Team FLECO sa friendly games na pinamunuan naman ni FLECO General Manager Engr. Richard B. Mondez.











FLECO TEAM BUILDING 2026

Saya, tawanan, at pagkakaisa ang bumida sa matagumpay na Team Building Activity ng FLECO employees noong March 7, 2026 sa Woodside Farm & Resort, Cabuyao City, Laguna.

Ayon sa FLECO Management, layunin ng taunang aktibidad na ito na patibayin ang teamwork, tiwala, at samahan ng bawat empleyado—dahil kapag mas nagkakaisa ang ating mga manggagawa, mas nagiging mahusay at maaasahan ang serbisyong naibibigay sa ating mga komunidad.

Paghahanda sa mga sakuna



"Duck, Cover, Hold"

NATIONAL SIMULTANEOUS EARTHQUAKE DRILL

Nakiisa ang mga empleyado, kasama ang ilang Member-Consumer-Owners (MCOs) ng FLECO sa isinagawang National Simultaneous Earthquake Drill nitong March 12, 2026.

Isinagawa ang drill alinsunod sa Memorandum No. 11, Series of 2026 na inilabas ng National Disaster Risk Reduction and Management Council, kung saan kabahagi ang National Electrification Administration, bilang hakbang ng patuloy na pagpapalaganap ng kahandaan sa sakuna sa buong bansa.

"Layunin nitong ihanda ang mga indibidwal sa pag-iwas, pagiging handa, at tamang aksyon upang ma-protektahan ang buhay at ari-arian laban sa sunog, lindol, at iba pang sakuna."





March is Fire Prevention Month

Nakilahok din ang FLECO employees at On-the-Job trainees sa isinagawang Fire Safety Seminar and Drill nitong March 18, 2026, sa FLECO Main Office, Lumban, Laguna.

Tinalakay sa seminar ang mga pangunahing kaalaman tungkol sa sunog, pag-iwas sa fire hazards, tamang paggamit ng firefighting equipment, at wastong pagtugon sa mga emergency tulad ng evacuation at basic rescue.











POWERLINES
THE OFFICIAL NEWSLETTER OF FLECO, INC.

MCO Corner

MAHALAGANG ABISO MULA SA FLECO

PARA SA LAHAT NG FLECO MEMBER-CONSUMER-OWNERS

Magandang araw po sa ating mga Member-Consumer-Owners.

Nais po naming ipabatid at linawin ang ilang dahilan kaugnay ng mga natanggap naming katanungan at reklamo tungkol sa pagtaas ng singil at konsumo sa kuryente:

1. MAS MAHABANG BILLING PERIOD (APRIL)
Ang March billing period ay may 28 days lamang (Feb 18–Mar 18), habang ang April billing ay may 31 days (Mar 18–Apr 18). Dahil dito, natural lamang na mas mataas ang konsumo sa mas mahabang billing period.

2. PAGTAAS NG GENERATION CHARGE
Ang kasalukuyang tensyon sa Middle East ay nakaapekto sa foreign exchange rate, na nagdudulot ng pagtaas sa singil ng ating power suppliers. Ito po ay hindi natin kontrolado.

3. MAINIT NA PANAHON
Sa panahon ng tag-init, mas tumataas ang paggamit ng kuryente dahil sa mga appliances tulad ng aircon, electric fan, refrigerator, at iba pa. Kaugnay nito, amin pong hinihikayat ang lahat na patuloy na magtipid at maging responsable sa paggamit ng kuryente.

PAALALA PO: May mga kumakalat na impormasyon na ang raffle draw sa nakaraang 35th AGMA ang sanhi ng pagtaas ng singil. **Mariin po naming nililinaw na ito ay hindi totoo.** Ang pondo para sa AGMA ay matagal nang inaprubahan at dumaan sa tamang proseso, at hindi ito ipinapasa sa singil ng kuryente.

MAHALAGANG IMPORMASYON: Ang FLECO ay hindi nagtatakda ng power rates. Ang mga ito ay dumaraan sa pag-apruba ng Energy Regulatory Commission (ERC). Wala po kaming kakayahan o kapangyarihang baguhin o manipulahin ang singil sa kuryente.

Sa kasalukuyan, **ang ating electricity rates ay nananatiling pinakamababa sa lalawigan ng Laguna kumpara sa ibang private electric companies.**

Maraming salamat po sa inyong patuloy na pang-unawa at kooperasyon.
Mangyaring ibahagi po natin ang impormasyong ito.

24/7 Call Center Hotlines:
TNT: 0951-570-4206 (calls & texts)
Sun: 0933-816-8117 (calls only)

Website:
www.fleco.com.ph
FB: facebook.com/FLECOInc

POWERLINES (The Official Newsletter of FLECO, Inc.)
Corporate Communications & Social Marketing Office
National Highway, Brgy. Lewin, Lumban, Laguna 4014